# PANANAGUTAN

*by:*
**Catherine C. Pontanoza**
*Pablo Roman Elementary School*

Kalimitan nating naririnig o nababasa ang kasabihan ng ang mga Kabataan ang magiging pag-asa ng ating bayan. Sa makabagong panahon, hindi lamang ang mga Kabataan ang pag-asa ng bayan sapagkat ang lahat ay nabibigyan ng pagkakataong na maaring makibahagi sa pag-unlad ng ating Bayan. Bilang isang guro, hindi lamang ang pagbabahagi ng kaalaman ang ating ambag sa Lipunan. Malaki ang tungkulin o pananagutan natin sa ating pamilya, sa komunidad at higit sa lahat sa mga batang ating tinuturuan. Mga guro ang tagahubog ng mga henerasyon na bubuo sa mga susunod na taon.

Iba't-iba ang klase ng mag-aaral na mayroon sa loob ng isang silid-aralan. May mga batang tahimik, malikot, masayahin, iyakin, masipag, pala-biro, matapang, pala-tanong at marami pang iba. Kaakibat ng mga iba't-ibang klase ng mga bata ay ang ating pagdisiplina sa mga mag-aaral na ito. Ang kagawaran ng edukasyon ay sumusunod sa "DepEd Order No. 40. S, 2012-DEPED CHILD PROTECTION POLICY" upang mapanatili ang wastong pagdidisplina ng mga guro sa kanilang mga mag-aaral. Sa tulong ng DepEd Order na ito, napaalalahanan ang bawat guro na maging produktibong tagapagdisiplina at higit sa lahat nagagawaa ang kanilang tungkulin. Nakasaad din sa DepEd Order na ito ang mga karampatang parusa kung sila man ay mapapatunayang sumubra sa pagdidisiplina.

Disiplina ang susi upang umunlad ang isang bayan. Sa huli, pakatandaan na sa bawat galaw may kaakibat na pananagutan.

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan